

Loob, Labas, Lalim, at Lawak ng *Batik*: Ang Kasaysayan at Kultura ng *Pagbabatik* ng mga *Visayan, Kalinga, at Manobo*

Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research
Vol. 8 No.3, 37-44
August 2020 Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
ASEAN Citation Index

Freddielyn B. Pontemayor (PhD)¹, Gine Mae L. Lagnason (MA)²,
Estrella Y. Dacillo (PhD)³

Language Education Department & Department of Languages and
Literature, Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon,
Philippines

¹freddielynbpontemayor@gmail.com, ²gine_lagnason@dlsu.edu.ph,

³dacilloestrella@gmail.com

Date Received: May 7, 2020; Date Revised: July 25, 2020

Abstract—This study focuses on the history and culture of tattooing using the concept of “loob” [interior], “labas” [exterior], “lalim” [depth], and “lawak” [extent]. With Prospero Covar’s (1998) concept of *manungul jar* and its metaphorical comparison to Pilipino being (loob, labas, and lalim), researcher gave new concept of “loob”, “labas”, “lalim,” at “lawak” in the culture of “batik/pagbabatik.” The study used archival research to trace historical documents and visual inventories to locate different images related to batik, as well as library research to find other historical and ethnographical materials written by other scholars. It was found that “batik/pagbabatik” is based on two manifestations. First, from a cosmological belief or naturalistic order that batik has tight connection between the indigenous people and the nature, and the indigenous people and their spiritual belief. The study also found that if a male “katutubo” has no batik or have not undergone “pagbabatik,” he will be considered “asug/bayot” (gay). Second, the sociological and cultural manifestation that a batik is part of the indigenous people’s identification of their status or role in the community, social rites of passage, mark of a brave warrior, and ornamentation of the women as a sign of fertility and preparedness in giving birth.

Keywords: concept of Covar’s *manungul jar*, history and culture of tattooing,

Abstrak—Nakatuonang papel na ito sa kasaysayan at kultura ng pagtatatu gamit ang dalumat ng loob, labas, lalim, at lawak. Gamit ang konsepto ni Covar (1998) ng banga at ang metaporikal na paghahambing ukol sa pagkataong Pilipino, binigyan ng bagong konsepto ng mga mananaliksik ang loob, labas, lalim, at lawak na may kinalaman sa batik/pagbabatik. Ginamit din ang archival research para matunton ang mga dokumentong historikal, at visual inventory para matukoy ang iba’t ibang imahe at larawan ng batik, at library research upang mahagilap ang mga materyal pangkasaysayan at etnograpike na sinulat ng ibang iskolar. Batay sa natuklasan na ang batik at pagbabatik ay nakabatay sa dalawang manipestasyon. Una, mula sa kosmolohikal na paniniwala o naturalistikong orden na ang batik ay may mahigpit na ugnayan sa pagitan ng mga katutubo at kalikasan, at sa kanyang paniniwalang espiritwal. Natuklasan din na ang isang lalaking katutubo na walang batik o hindi nagpabatik ay itinuturing na asug/bayot. Pangalawa, ang manipestasyong sosyolohikal at kultural na ang batik ay bahagi ng identipikasyon ng mga katutubo ayon sa kanilang estado o tungkuling ginagampanan sa komunidad, social rites of passage, identipikasyon ng matapang na mandirigma at ornamentasyon sa sarili ng kababaihan bilang tanda ng pertilidad at kahandaan sa panganganak.

Mga Susing salita: angkonsepto ng banga ni Covar, kasaysayan at kultura ng pagbabatik

INTRODUKSYON

May apat napaktor na nag-udyok sa mananaliksik para mabuo ang papel na ito. Una, ang pagyanig sa buong mundo angnakapanghihilakbot na

COVID 2019 batay sa inilabas na ulat ng ABS-CBN nang ideklara ng Pangulong Duterte ang pagbabawal na paglabas ng bansa batay na rin sa mahigpit na seguridad at pag-iwas sa nakamamatay na sakit [1].

Malaki ang naging epekto ng isyung ito mula personal hanggang ekonomikal at aspektong kultural. Isa sa mga aspektong ekonomikal at kultural na may malaking ambag sa pamumuhay ng mga Pilipino ay ang pagtatatu/pagbabatik. Pangalawa, ang pagkilala at pagbibigay-pugay sa mga Pilipinong iskolar gaya ni Prospero Covar sa Araling Pilipinas, at ang paggamit ng sariling lente at teoryang maka-Pilipino. Pangatlo, ang pagbabatik bilang bahagi ng kulturang popular at ang pagbabagong-kahulugan nito sa kasalukuyan. Panghuli, ang pagtalakay sa kasaysayan at kultura ng pagbabatik mula Visayan hanggang Kalinga, at Manobo upang maunawaan ang kalakaran at kalakalan ng pagbabatik sa kasalukuyan.

Ang pagkilala sa social media ni Whang-Od bilang pinakamatandang mambabatik ay nagbigay-daang sa maraming *tattoo artist* at *tattoo propagator* upang buhayng muli ang namamatay na kultura ng pagbabatik. Kaugnay nito, ang mga naimbentong modernong teknolohiya na ginagamit sa pagbabatik at dala ng impluwensya ng tinatawag na industriya ng entertainment na kinatatampukan ng mga sikat na personaheng may batik o iba pang kilalang *icon* ng lipunan na naging isa sa mga dahilan upang mabuhay muli ang pagbabatik, subalit sa muling pagkabuhay nito nagkaroon din ng pagbabago sa pagpapakahulugan ng batik. Ang kahulugan ng batik noong sinauna’y iniuugnay sa mga katangian ng mga buhay na matatagpuan sa kalikasan o ibinatay ang batik sa kosmolohikal/naturalistikong orden patungong sosyal na obligasyon ng isang lider o miyembro ng komunidad, ngunit sa kasalukuya’y naging personal ekspresyon na ng isang indibidwal. Ibig sabihin, hindi na bitbit ng kasalukuyang henerasyon ang pagiging sagrado ng batik kundi nagiging bahagi na lamang ng personal ekspresyon o kaya’y fashion ng karamihan. Bilang dagdag, naging malawakan na rin ang kalakaran at kalakalan nito sa lipunan, na maituturing na isa sa mga salik na nagpabago rin sa kahulugan ng batik sa kasalukuyan.

Samantala, ang pansamantalang pagsuspende ng pagpasok at paglabas ng mga turista sa bansa ay nagkaroon ng malaking epekto sa ekonomiya at kultura ng Pilipinas. Ang buwanan o taunang labas-masok ng mga turista ay nakatulong sa pagpapalago ng ekonomiya at nakapagpausbong sa industriya ng kalakalan lalo na sa pagtatatu/pagbabatik. Ngunit dahil sa kasalukuyang sitwasyong nararanasan ng Pilipinas at maraming bansa, ang kultura at kalakalan ng pagbabatik ay maaaring magdulot din ng pansamantalang pagsuspende sa ekonomiya at

kalinangan ng ilang etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas.

Kaya, sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtalakay ng kasaysayan ng pagbabatik mula sa katutubong Visayan, at tradisyunal na pagbabatik ng mga Kalinga at Manobo upang mabigyang-linaw ang kaukulang pagpapaliwanag ng panibagong pagpapakahulugan ng pagbabatik sa kasalukuyan batay sa konsepto ng loob, labas, lalim, at lawak ni Covar.

MATERIALES AT METODO

Sa pamamagitan ng malinaw na pagtugon ng metodolohiya, ginamit dito ang isang diskursibong analisis ng dalumat ni Covar (1998) [2] bilang pundasyon sa ginawang konseptuwalisasyon ng loob, labas, lalim bilang inisyal na *departure point* ng diskursong bubuuin sa kasaysayan at tradisyon ng batik. At ang rekonseptuwalisasyon ng loob, labas, lalim, lawak bilang “analitikal na balangkas” sa pagbasa, pagpapakahulugan at pagkakabuluhan sa batik ayon sa ganitong eskima na loob = identidad, ang tao sa likod ng batik; labas = ang balat, mukha, katawan bilang pisikal, estetiko at biswal na kinalalagyan ng batik; lalim = bilang kahulugan ng batik ayon sa batikan at mananaliksik; at lawak = espayo o pookng batikan.

Sa pamamagitan din ng paghalungkat ng mahahalagang salaysay ng nakaraan upang lubos na maunawaan ang kasalukuyan, ginamit dito ang *archival research* para matunton ang mga dokumentong historikal gaya ng: (a) arkibong pag-aaral nina Demeterio, Zafra, Calimag, at Ambion na nakapokus sa tradisyunal na pagbabatik sa Rehiyon ng Kordilyera; (b) arkibong pag-aaral ukol sa orihinal na aklat ni Padre Ignatius Alcina ukol sa Kasaysayan ng mga Bisayan sa Isla ng Pilipinas at isinalin nina Cantius, Kobak, at Lucio Gutierrez; (c) salaysay ni John Garvan ukol sa mga lahat ng aspekto ng pamumuhay ng mga Manobo ng Mindanao na arkibong ma-access online; (d) kalipunan ng mga larawan ukol sa mga Pilipino na nalimbag sa Boxer Codex na pinaniniwalaang pagmamay-ari ni Luis Perez Dasmariñas na nabili ni Propesor Charles Ralph Boxer na ipinangalan naman sa kanya, at kasalukuyang pagmamay-ari ng Lilly Library sa Indiana University na maaaring ma-access online. Ginamit din ang *visual inventory* para matukoy ang iba’t ibang imahe at larawan ng batikat *library research* upang mahagilap ang mga materyal pangkasaysayan at etnograpike na sinulat ng ibang iskologaya nang paghahambing ng mga larawan ng

mga batik mula sa Boxer Codex, detalyadong paglalarawan ng batik ni Padre Alcina, paglalarawan din ni John Garvan, at William Henry Scott, at mabusising pag-aaral ni Anayn Salvador-Amores ukol sa pagbabatik ng mga Kalinga sa Hilagang Luzon. Nakatulong din nang malaki sa nasabing *inventory at library research* ang isinagawang pag-aaral ng mga dayuhang mananaliksik gaya nina DeMello, Wilcken, at pakikipamahay ni Krutak sa mga taga-Kalinga lalo na kay Whang-Od – ang itinuturing na pinakamatandang *tattoo artist* sa Pilipinas.

RESULTA AT DISKUSYON

Sa kabanatang ito, susuriin ang kasaysayan ng pagbabatik ng mga Visayan kung saan nahango ang terminong Pintados na matatagpuan sa Visayas partikular sa Camarines, Leyte, Samar, Panay, Cebu, at iba pang malalapit na teritoryo na mula sa makapangyarihang isla ng Makasar [3]. Gayundin, tatalakayin ang pagbabatik ng mga Kalinga na matatagpuan sa bahaging Luzon at mga Manobo naman sa bahaging Mindanao. Uungkatin din ang ilang mahalagang impormasyon ukol sa kultura at tradisyon ng pagbabatik mula sa natural na orden hanggang sa obligasyong hinahawakan ng isang indibidwal sa sosyal na tungkuling hinahawakan salipunan.

Ang mga Katutubong Visayan

Ang mga salaysay ni Padre Chirino sa kanyang *Relacion de las Islas Filipina* (1604) nabanggit ni [4] na nauukol sa naratibo ng kanyang pakikisalamuha sa mga katutubong Bisaya o mga Pilipino ay isa sa mga mahalagang babasahin na makapaglalahad tungkol sa pamumuhay, kaugalian o kultura ng mga katutubong nagsasagawa ng pagbabatik.

Ang terminong Visayan ay mula sa isang sinaunang tribo ng mamamayan na nananahan sa nasabing isla. Hinango ang pangalan ng isla batay sa kwento at malaking paniniwala ng karamihan na malaki ang pagkakahawig nito sa pangalan ng isang Emperor Javanese na si Sri Vijayan [5].

Batay sa nasabing deskripsyon at kwento, masasabing may kalapitan ang bansang Indonesia sa Pilipinas (ang Javanese ay isa sa malaking tribo na bahagi ng bansang Indonesia, ang lugar na Java) na maaaring noong unang panahon ay pinamunuan ng nasabing emperador. Mula sa deskripsyong inilalahad ukol sa pinagmulan ng pangalang Visayan kung iugnay sa kalidad ng Javanese Emperor, hindi mailalayo ito sa

kabuuang katangian ng mga katutubong Bisaya na matapang at malakas.

Islas de los Pintados: Batiksa Pananaw ng Mananakop na Kastila

Bukod sa pagiging mapamahiin, masayahin at mahiligin sa pagdiriwang ang mga katutubo, isang bagay rin ang nakapagbigay-atraksyon sa mga mananakop na Kasila ang kakaibang balat at hitsura o paraan ng pag-ayos ng mga katutubo sa kanilang sarili. Kakaibang anyo ng mga katutubo ang sumalubong sa mga conquistadores dahil nabalutan ng marka o dekorasyon ang buong katawan.

Batay sa pagsasalaysay ni Alcina, nagsisimula ang pagbabatik ng mga *Visayan* edad dalawampu (20), hindi man tukoy ang diyabolikong orihinal na nakaugalian ng mga katutubo ngunit batay sa kanyang obserbasyon, isang karangalan ang malagyan ng batik lalo dahil itinuturing na *bayut* o bakla (duwag) ang isang lalaking hindi magpapabatik at ang prosesong ito ay nagsisimula sa edad na dalawampu.

Bilang apirmasyon ukol sa terminong *asug* na iniugnay ni Alcina sa *daitan* o *baylan*, inilarawan niya ang gawain ng isang hermaphrodite:

The operator is nearly always a woman, or a so-called hermaphrodite (The individuals whom I saw were most feminine in their ways, preferring to keep the company of women and to indulge in womanly work rather than to associate with men), who has acquired a certain amount of skill in embroidering...[6].

Batik ng Kalalakihan at Kababaihan Noon

Sa isang sanaysay ni Mojares [7] nabanggit niya sa kanyang artikulo ang ganito "*fetish about taking care of the body and primping it up,*" na pumapatungkolsa mga katutubong Visayan o Pintados na ibinase sa kanyang matalinong pagbusisi ukol sa kasaysayan at kulturang Pilipino. Sa pagkadiskubre ng mga Espanyol sa Pilipinas, nakitaan ang mga katutubo ng malaking pagpapahalaga sa kanilang sarili o katawan kapwa kababaihan at kalalakihan: sa kababaihan bukod sa madalas ang pagligo, pinapahiran nila ng langis ang kanilang mahahabang buhok, nilulugay nila ito, naka-*display* sa kanilang leeg, tenga, pulso at at bukong-bukong ang mga alahas gaya ng tanso, pilak at ginto.

Bukod sa ornamental o layuning dekoratibo ang batik, isinasaad dito na ang katapangan o bulas ng batikan na tanggapin ang sakit ng karayom at gayundin ang pagtatala na maraming digmaan na ang

napagtagumpayan. Mas maraming batik sa katawan mas nagiging batikan.

Sa kababaihan naman, bihira lamang ang batik at kung mayroon man matatagpuan ito sa bahaging kamay[3], may pagkapino at eleganteng disenyo na gaya ng borda ng kanilang kasuotan [8] at ang mga disenyong ito ay batay sa deskripsyon ni Alcina na ayon sa kanya ay hango sa mga disenyong tela na mula sa Tsina. Ibig sabihin, ang batik ng kababaihan ay maituturing na ornamental lamang. Dagdag pa ni Alcina, ang disenyong karaniwang matatagpuan sa batik ng kababaihan ay disenyong *lunarcillos postizos* [*artificial little moon*] na matatagpuan lamang sa kanilang mga kamay na kinokonsiderang elegante na nakapagdaragdag ng kanilang kagandahan [3].

Makikita sa ibaba ang larawang kuha mula sa manuskrito ng Boxer Codex (1590) ng dalawang lalaking puno ng katawan na batay na rin sa deskripsyon ng mga Kastila [9].




Fig. 1. Larawan ng dalawang lalaking Visayan na puno ng batik ang katawan

(Pinagkunan: Mula sa Boxer Codex (Manuscript) ca. 1590. The Lilly Digital Collections. Indiana University)

Batik at Naturalistiko't Orden: Imahe ng Bulaklak, Halaman, at mga Hayop

Mapapansin sa larawan na ang disenyong nakaukit sa katawan ng dalawang lalaki ay may dibuho o disenyo ng hayop gaya ng ahas, buwaya, araw at bulaklak. Ito ang kosmolohikal o naturalistikong orden nila dahil sila'y namumuhay na kapiling ang mga hayop, halaman, bulaklak at iba pang mga bagay sa kalikasan.

Mapapansin din na ang tradisyunal na disenyong batik ng mga Visayan ay kakikitaan ng mga imahe o dibuho mula sa disenyo ng hinabing damit o daloy ng ilog (nasa kaliwang bahagi), ibon (sa pinakaitaas at

araw, sa gitnang bahagi) at kaliskis ng hayop gaya ng ahas.

Katang-tangi rin ang *zigzagna* dibuhong batik ng mga katutubong Visayan, ang dibuho ay inihalintulad sa balat ng ahas o kaya'y *zigzag* na galaw ng alon ng dagat o ilog.

Sa malapitang inspeksyon, ang mga disenyong batik ng mga Visayan ay hinango mula sa kalikasan o anumang abeylabol na bagay sa kapaligiran. Sa madaling sabi, ang kanilang mga batik ay hango sa kung ano ang iniatas ng kalikasan, isang moral na kadluan ng kanilang paniniwala ukol sa batas ng kalikasan.

Animistik kung gayon ang bisa ng mga anyo o imaheng ahas, buwaya – ibig sabihin ang mga espiritu o anito ng mga batik na ahas at buwaya ay pagkilala sa espiritwal na mundo nila at pagtanggap ng ganoong paniniwalang gumagabay sa kanilang ugnayan sa naturalistiko't kosmolohikal na orden ng kanilang pamumuhay.

Batik at Mandirigma

Bukod sa karanasan ng mga katutubong Visayan sa literal na sakit ng pagbabatik, kaugnay ng sakit ang bahagi ng katawan na nararapat paglalagyan ng imahe o marka. Inilahad ni Scott ang mga bahagi ng katawan na pinaglagyan ng batik ng mga katutubong Visayan, kasama na rin dito ang kaugnay na mga kahulugan [10]. Bukod sa ornamentasyon sa katawan, may tiyak na bahagi at lebel na nararapat matamo ng isang katutubong Visayan.

Indikasyon ang batik ng mga katutubong Visayan na hanggang saan na ang naabot o narating nito sa pakikipagdigma. Hindi basta-basta lamang naisin kung saan ilalagay ang marka kundi may karampatang bigat ng katuparan ng isang tungkulin.

Subalit sa paglipas ng panahon, nagkaroon ng kombersyon ang mga katutubong Visayan dahil nasabing sinaunang kaugalian gaya ng pagbabatik ay hindi sinang-ayunan ng mga Kastila. Ang paglaganap ng Kristiyanismo ng mga Kastila sa bansa ay isa sa naging dahilan upang maglaho ang tradisyunal na pagbabatik ng mga katutubong Visayan.

Ang Pagbabatek ng mga Kalinga

Ayon kina Billiet and Lambrecht, nahango ang salitang “Kalinga” na ibig sabihin “kaaway,” “palaban,” o “namumugot ng ulo” o *headtaker* ayon sa wikang Gaddang at Ibanag. Ang teritoryo ng mga Kalinga ay matatagpuan sa kalahating bahagi ng timog ng probinsya ng Kalinga-Apayao sa Cordillera

Administrative Region. Ang erya ay nasa hangganan ng bahaging silangan ng Cagayan Valley, kanlurang bahagi ng Abra at timog na bahagi ng Mountain Province [11]. Ibig sabihin, ang lokasyon ng mga Kalinga ay napapalibutan ng iba pang tribo gaya ng mga Igorot, Bontok, Ibaloy, Ifugao at Itneg. Sa katunayan, may dalawang uri ang tribong Kalinga – ang Hilagang Kalinga at Timog Kalinga. May ilang pagkakaiba man sila sa mga katangian, batay sa masusing pag-aaral, sinasabing mas makapangyarihan at impluwensyal ang mga tradisyunal na lider ng Timog Kalinga kaysa sa Hilagang Kalinga [12]. Ngunit sa papel nito, ginamit ang terminong Kalinga sa kabuuan lalo na sa usapin ng tradisyunal na pagbabatik.

Para sa mga taga-Kalinga ng Hilagang Luzon, *Batek* ang terminong ginagamit ng kanilang tradisyunal na pagbabatik. Nailalarawan ang *batek* sa pamamagitan ng pagmamarka, palamuti at permanenteng disenyo sa materyal [13]. *Mambatek* o *Mambabatok*, ang nagsasagawa ng proseso ng pagbabatik.

Bilang pamalit sa kasuotan, itinuturing itong makapangyarihang simbolismo sa mga etnikong grupo, hindi lamang bagay na nakapagpapaganda ngunit pinaniniwalaan din itong may mga mahikal na katangian. Ang buong kahalagahan ng batik sa katawan ay nagkakaiba batay na rin sa kinabibilangang grupo. Para sa mga kalalakihan, ang mga batik ay hindi lamang isang bagay na madaling matatanggal, nagsisilbi itong bilang marka ng edad, katapangan, sosyal na kapangyarihan at kabantugan, gaya ng mga tribong namumugot ng ulo o headhunting [14].

Batek/Batik at Yugto ng Buhay

Upang lubos na maunawaan ang *batek*, narito ang ilang kadahilanan: Una, ang *batek* bilang pagbabago ng yugto sa buhay ng isang indibidwal na may tatlong yugto (*rites of separation, rites of transition and rites of incorporation*). Pangalawa, ang *batek* bilang biswal na imahe/larawan at talisman na lubos na nauunawaan ng mga miyembro ng *mai'ngor class* at ng buong komunidad. Pangatlo, nagsisilbing estetikong layunin dahil pinaniniwalaan nilang mas lalong gumaganda ang isang babae kung may *batek* at nagsisilbing pinakamagarang kasuotan nila ito [13].

Ang tradisyunal na istruktura ng mga Kalinga ay nauuri sa *kadangyan (rich)*, *baknang (middleclass)* at *kapus (lower class/poor)*. Ang anyo ng kanilang gobyerno ay pinapangunahan ng *plutocratic* at

pinapangalawahan ng *timocratic* [12]. Ibig sabihin ang nasabing istruktura ng Kalinga ay nagkakaroon din ng mahalagang papel sa tradisyunal na pagbabatek, “*Batek is not just for men but for women. The tattoos for women indicate initiation into adulthood and full participation in the social life of the group. Tattoos signify acceptance, a sense of belonging, and identity,*” [13]. Ibig sabihin, mabigat ang papel na ginagampanan ng *batek* para sa isang indibidwal na miyembro ng isang ispesipikong komunidad, bukod sa nagsisilbing palatandaan ito ng kung anong estado o posisyon sa lipunan, katumbas nito ang nakaatang na responsibilidad para sa kanila.

Batek/Batik at Kayaw

Naging matagumpay man ang pasipikasyon ng mga Kastila sa Kalinga noong 1859 [12] ngunit hindi napigilan ang tradisyunal na *pagbabatek* lalo na ang may kinalaman sa pamumugot ng ulo.

Ang terminong pamumugot ng ulo o *headhunting* (mula sa salitang-ugat na *headhunt*) o *kayaw* na kadalasan ginagawa ng isang *mai'ngor* o mandirigma [13]. Malaki ang paniniwala ng mga Kalinga na hindi siya makakapag-asawa sa babaing kanyang napupusuan hanggang hindi siya nagtagumpay sa pamumugot [13].

Sa puntong ito, tatalakayin naman ang ilan sa mga tradisyunal na kadahilanan ng *pagbabatek* ng mga Kalinga. Bukod sa matagumpay na pakikidigma at pamumugot ng ulo sa mga kaaway para malagyan ng *batek* ang isang Kalinga at nagsisilbing palamuti sa katawan, narito ang ilan pa sa mga dahilan: kapwa kababaihan at kalalakihan ay may *batek* para pataasin ang sekswal na pagnanasa, simbolo ng pertilidad, gamot sa goiter at ilang karamdaman, espirital na proteksyon sa mga masasamang anito, seremonya ng pagpasa (*rite of passage*) mula sa pagkabata hanggang sa kahustuhang gulang [12],[13], [15],[16].

Sa puntong ito, tatalakayin ang mga disenyo at kahulugan ng mga *batek* ng mga Kalinga. Narito ang mga pangalan at disenyo ng *batek* ng kalalakihan (sariling salin) [13]: a.) *gulot*, ibig sabihin “*cutter of the head*”, matatagpuan ito sa pulso ng isang mandirigma, ang bilang ng marka ay nagbabadya kung gaano karami ang napugutan sa kanyang ekspedisyon, binulubid ang termino ng disenyo, b) *whiing* o *chest tattoos of the warrior*, c) *biking*, markang matatagpuan sa mukha, torso, likod at dibdib, d) *pinarpating* na binubuo ng kahman (head axe) (*used to brandish the head of the enemy*), e) *binakuko* (crisscross) na matatagpuan sa itaas na

bahagi ng braso ng mandirigma, f) *sorag* (*moon design*) na nagsisilbing ilaw at gabay sa kadiliman, g) *gayaman nan banas* (*centipede-eating lizard*), may mitikal na kwento ukol sa pagkuha ng ulo ng kaaway, h) *bituwon* (*star*) na disenyo na nagsisilbing ilaw sa daanan ng mandirigma, at i) *dakag*, matatagpuan sa likurang bahagi ng isang walang takot na mandirigma. Sa ibaba makikita ang halimbawa ng disenyo ng tatu ng lalaking Kalinga [13].

Para naman sa kababaihan, narito ang ilang disenyo at kahulugan ng kanilang mga batek: a) *lin-lingao* na matatagpuan sa mukha ng isang matandang taganayon, b) *nirafa-rafat* o *inufu-ufug*, disenyong hango sa kaliskis o balat ng aluhipan, kalimitan matatagpuan ng isang *mambatek*, c) *ginay-gayaman*, matatagpuan sa likod ng balikat na kombinasyon ng iba't ibang disenyo, d) *sinokray* (*sleeves of the shirt*) [13].

Mula sa mga nailatag na mga impormasyon, sa kabuuan, ang mga disenyo ng batek ng mga Kalinga kapwa kababaihan at kalalakihan ay mga sumusunod: disenyong kagamitan sa pakikidigma, buwan, bituin, kaliskis ng aluhipan, at disenyo ng kanilang kasuotan.

Batay sa pagsusuri ng mga imahe at disenyo ng mga *batek* ng mga Kalinga kapwa kalalakihan at kababaihan, lumalabas na ang kanilang *batek* ay may kaugnayan sa obligasyon o estadong hinahawakan ng isang Kalinga sa kanyang komunidad. Inaasahan ng mga miyembro ng komunidad na magampanan ng isang Kalinga ang mga nakaatang na mga responsibilidad dahil sa pagiging sagrado ng pagtupad ng mga tungkuling ito.

Ang Pang-o-tub/Pangatab ng mga Manobo

Isa ang Manobo sa kinikilalang katutubong may pinakamalaking populasyon sa rehiyong Mindanao. Kalimitang naninirahan sila sa bahaging Agusan, Davao, Cotabato, Surigao del Sur at Bukidnon [17].

Isa sa mga unang naitalang sanggunian na kasaysayan ng mga Manobo sa Agusan Valley na naisulat sa General History of Discalced Augustinians Fathers (1661-1699) ni Father Pedro de San Francisco de Assis. Some of the early historians use the words *Manóbo*, *Mansúba*, *Manúbo*. These three forms indicate the derivation to be from a prefix man, signifying “people” or “dweller,” and “súba,” a river. This designation leads to the opinion that the word *Manóbo* means, by derivation, a “river-man,” [6]. Sa maikling salita, pangkalahatan sa mga Manobo ay naninirahan malapit sa ilog o matubig na lugar na siyang pangunahing pinagkukunan ng kanilang

pagkain. Kasama na rin dito ang pagsasaka, pangangaso o panghuhuli ng mga hayop sa bundok.

Ang sosyal istraktyur ng mga Manobo ay binubuo ng apat na klase: ang bagani, ang baylan, karaniwan (*commoner*) at alipin (*slave*). Ang anyo ng gobyerno ng mga Manobo ay pinangunguluhan ng datu at konseho ng matatanda (*council of elders*) o kaya nama’y pinaghalong *aristocratic* at *gerontocratic*. Ang bagani bilang mandirigma tungkulin niyang protektahan ang kanyang komunidad. Sa bawat pananagumpay niya sa labanan, pinagkakalooban siya ng alipin na kanyang madadakip, at sa bawat aliping dakip ay pinagkakalooban siya ng batik. Ngunit, kung hindi man gagawing alipin, maaari siyang patayin ng isang mandirigmang nakadakip sa kanya kapag hindi pa lubusang natauhan [18].

Nagtagumpay man ang pasipikasyon ng mga Kastila at ang pagpapatupad ng Kristiyanismo sa mga Manobo noong 1877 hanggang sa panahon ng rebolusyon noong 1898 [6] ngunit hindi tuluyang napatigil ang pamamaslang sa mga kaaway at pagdakip ng mga alipin, gayundin ang paraan ng kanilang pananamit. Kaya nang mapadpad ang mga Amerikano sa kanilang lugar, ang mga Manobo ay nagpapraktis pa rin ng tradisyunal na *pang-o-tub*.

Sinusunod nila ang kapwa katawagan (*nomenclature*) at sa pangkalahatang anyo, ang mga larawan/imahe o pigura na nakaborda sa mga dyaket, na may mahalagang larawan/imahe o pigura ng buwaya, ng mga bituwon at mga dahon, na nagpapakilala ng mga pangalan. *Bin-u-á-ja* (from bu-wá-ja, crocodile), *gin-i-bang* (from gi-bang, iguana), and *bin-úyo* (from bu-jo, the betel leaf).

Kaugnay ng paksa ukol sa *sapagpang-o-tub*, batay sa paliwanag ni Garvan sa sosyal na istraktyur ng lipunan ng mga Manobo, tungkulin ng bagani na depensahan o protektahan ang kanyang komunidad laban sa mga kaaway. Kung gayon, ang bagani ay isang mandirigmang may mataas na katungkulan na inirerepresenta ng datu. Sa pamamagitan ng kanyang matagumpay na pakikipaglaban, nakapagtatamo siya ng batik at ang kanyang dakip ay maaari niyang gawing alipin. Kung marami siyang natagumpayang laban, gayundin ang bilang ng batik ang kanyang matatamo. Bawat lokalidad ay may distinktibong moda, dumedepende sa kinalakhang rehiyon. Ang mga disenyo ay nagreresulta mula sa indibidwal na kagustuhan at kung anong maisip [6].

Kapwa kababaihan at kalalakihan ay mga *pang-o-tub*na matatagpuan sa dibdib, braso at daliri ngunit sa partikular ang kalalakihan matatagpuan sa buong

dibdib, itaas na bahaging braso, bisig at mga daliri. Nakaugalian ng kababaihan na magkaroon ng ekstrang disenyo sa hita, binti o buong hita. Sa ganitong dahilan, ipinaliwanag ni Garvan na isa sa mga dahilan ng *pang-o-tub* ng babaing Manobo na partikular sa kanilang dibdib/suso ay nagsisilbing simbolo ng pertilidad at kahandaan sa panganganak: Ang *pang-o-tub* ng kababaihan ay hindi lamang para makaragdag ng kagandahan at makapagbigay-atraksyon sa kalalakhian, bagkus itinuturing ang *pang-o-tub* bilang esensyal na anyo ng pananamit o humalili sa damit. Ang mga babaing Manobo ay may *pang-o-tub* sabahaging dibdib at hita/binti na kaparehong binordang disenyo na makikita o masisilayan sa kanilang kasuotan. Nakakatanggap ng *pang-o-tub* ang kababaihang Manobo sa panahon ng kanilang pagdadalaga para maiproklama ang pagdating ng bagong yugto ng kanilang buhay o pagiging nasa kahustuhang gulang at maaari na silang mag-asawa. Sumisimbolo ang kanilang *pang-o-tub* ng pertilidad at katapangan at sapat na kalakasan sa panahon ng kanilang panganganak [19].

Batay sa mga kadahilanan (personal at simbolikong kahulugan nito sa kanilang kultura), narito ang ilan sa mga sumusunod: 1) Ang *pang-o-tub* bilang palamuti o estetikong adorno/*ornament purposes*, 2) simbolo ng katapangan at pananagumpay sa pamamagitan ng identipikasyon ng *captive* o alipin matapos ang matagumpay na pakikipag-away o pakikidigma sa mga kaaway, 3) pagbabago ng yugto mula sa pagdadalaga/pagbibinata pataas/buhay pagkatapos mamatay (*rites of passage from the age of puberty onwards or life after death*), 4) simbolo ng pertilidad o ang kahandaan sa pagbubuntis at panganganak, at 5) panghalili sa kasuotan.

KONGKLUSYON

Kasabay ng paglipas ng panahon, ang pagpapakahulugan ng batik ay nagkaroon din ng pagbabago. Ang noo'y batik nakabatay sa kosmolohikal na paniniwala o naturalistikong orden na tinitingnan ang batik bilang sagradong objek na nag-uugnay sa pagitan ng mga katutubo at kalikasan, gayundin ang relasyon ng mga katutubo sa kanilang paniniwalang espiritwal. Dahil sagrado kung ituring ang batik lalo na sa kalalakhian, paniniwala ng mga katutubo na ang isang lalaking walang batik o hindi nagpabatik ay itinuturing na *asug/bantut/bayot* o bakla. Pangalawa, ang batik bilang bahagi ng sosyolohikal at kultural na pamumuhay ay nagsisilbing identipikasyon ng mga katutubo batay sa

relasyon nito sa kanilang estado at gampanin o tungkuling hinahawakan sa tribo o komunidad na ayon sa kanilang kasarian. Inilarawan din kung paano ang batik ay iniuugnay sa *social rites of passage* ng kalalakhian at ang pagkilala sa kanya bilang matapang na mandirigma. Para naman sa kababaihan, inilarawan din ang tradisyon ng pagbabatik bilang ornamentasyon sa sarili kaugnay ng pertilidad o kahandaan sa panganganak.

Sa dimensyong kultural naman, ang pagkilala kay Whang-od ay nagbigay-daan upang mabuhay muli ang kultura ng pagbabatik sa kasalukuyan. Sa kasalukuyan, ang pagkabuhay ng pagbabatik ay naging bahagi na rin ng kalakaran at kalakalan sa loob at labas ng bansa.

REKOMENDASYON

Inirerekomenda ng pag-aaral na magkaroon pa nang ganitong uri ng pag-aaral gamit ang Pilipinong lente o teorya upang mabigyang-pagkakataong makilala ang mga Pilipinong mananaliksik o iskolar. Inirerekomenda din ng pag-aaral na magkaroon ng pagsusuri sa simbolismo at imahe ng batik ng bawat pangkat ng indibidwal sa lipunan. Inirerekomenda rin ng pag-aaral na magkaroon pa nang mas malawak na pag-aaral at pag-unawa ukol sa pagbabatik, at maisadokumento ang ganitong uri ng sining na hindi pa naitatala sa ating kasaysayan. Inirerekomenda ng pag-aaral na matapos ang problema ukol sa COVID, magkaroon ng pananaliksik ukol sa epekto nito sa ekonomiya at kultura ng bansa. Panghuli, dahil sa may limitasyon ang pag-aaral na ito na napokus lamang sa tatlong etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas, inirerekomenda ng pag-aaral na magsagawa pa nang mas malawakang pag-aaral sa iba't ibang etnolinggwistiko sa buong bansa at gayunding pagsusuri sa imahe, simbolismo at mga pakahulugan gamit ang dalumat/iskema ng loob, labas, lalim, at lawak ni Covar.

PASASALAMAT

Buong nagpapasalamat ang mga mananaliksik kay Dr. Rhoderick V. Nuncio ng DLSU-Manila sa matalinong suhestyon para mabuo ang papel.

SANGGUNIAN

- [1] Esguerra, C. V. (2020). Philippines Restricts Travel in, out of Metro Manila to Contain COVID-19. ABS-CBN NEWS. <https://bit.ly/2QcMvV4>
- [2] Covar, P. R. (1998). Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture. NCCA. Maynila: Sampaguita Press, Inc.

- [3] Alcina, I. F. (1668). *History of the Bisayan People in the Philippine Islands: Historia de las Islas e Indios de Bisayas*. Translated, Edited and Annotated by Cantius J, Kobak, O.F.M. and Lucio Gutierrez, O.P. (2002). Part One, Book 1 & 2, Volume 1. Manila Philippines: UST Publishing House.
- [4] Chirino, P. (1604). *Relation to the Philippine Islands*. In Garcia, M. *Readings in Philippine Prehistory*. (1979, ed.). Manila: Filipiniana Book Guild. PK: translator unknown.
- [5] Wernstedt, F. L. & Spencer, J. E. (1967). *The Philippine Island World: A Physical, Cultural and Regional Geography*. Berkeley, Los Angeles, London: University of California Press. <https://bit.ly/2Wafz8q>
- [6] Garvan, J. M. (1931). *The Manobos of Mindanao*. *Memoirs of the National Academy of Sciences*, volume 13. <https://aboutphilippines.org/files/Manobos-of-Mindanao.pdf>
- [7] Mojares, R. B. (2002). *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History*. Quezon City: Ateneo de Manila University.
- [8] Funtecha, H. F. (2004). *Pasana-aw: Vignettes on Bisayan History and Culture*. Volume 1. Iloilo City: University of San Agustin.
- [9] "Boxer Codex" (Manuscript) ca. (1590). The Lilly Digital Collections. Indiana University. Pintados Illustration (p. 23). <https://bit.ly/39OxHNE>
- [10] Scott, W. H. (1994). *Barangay: Sixteenth Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- [11] "Kalinga." National Library of the Philippines. <https://bit.ly/2wS105U>
- [12] Demeterio, F. P. A. III, Calimag, J., Zafra, B., Ambion, L. A. (2016). *The Traditional Tattoos of the Philippine Cordillera Region: A Study on Their Differences in Appearance, Causes and Discursive Strengths*. *SEARCH*, 8(2), 1-18. <https://bit.ly/2xzNUbq>
- [13] Salvador-Amores, A.V. (2003). *Batek: Traditional Tattoos and Identities in Contemporary Kalinga, North Luzon Philippines*. *Humanities Diliman*, 3(1), 105-142. <https://bit.ly/33eOqY0>
- [14] Ramos, C. (2015). *Body Rituals on Mental Health and Maladaptive Behavior During the Prehistoric Philippines*. A Paper Presented at the DLSU Research Congress, 3, 1-8. <https://bit.ly/2QcS4wd>
- [15] DeMello, M. (2000). *Bodies of Inscription: A Cultural History of the Modern Tattoo Community*. USA: Duke University. Google Books <https://bit.ly/2Wb9Rbc>
- [16] Vanoverbergh, M. (1929). *Dress and Adornment in Mountain Province of Luzon, Philippine Islands*. Washington: Catholic Anthropological Conference.
- [17] Gatmaytan, A.B. (2004). *The Hakyadan of Froilan Havana: Ritual Obligation in Manobo Religion*. *Philippine Studies*, 52(3), 383-426. Quezon City: Ateneo de Manila University Loyola Heights. <https://bit.ly/39OJkUR>
- [18] De Leon, M. L. (2004). *Manobo*. DLSU LITERA, volume 1 (4). [Tripod.com/maho/frame.html](http://tripod.com/maho/frame.html)
- [19] Wilcken, L. (2010). *Filipino Tattoos: Ancient to Modern*. USA: Library of Congress.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).